ECORDS FILES

DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE
RELEASED
DepED
BY: NAME/SIGNATURE
20 JUN 2016

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 225, s. 2016

Sa mga : Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Elementarya at Sekundarya

Mula kay : NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI
Tagapamanihala ng Sangay

Paksa : **PAGPAPALAGANAP AT PAGPAPAHALAGA NG JOURNALISMO KAUGNAY SA LINGGUHANG PAKSA – BUWAN NG WIKA 2016**

Petsa : Hunyo 20, 2016

---

1. Kaugnay sa pagdiriwng ng Buwan ng Wikang Pambansa 2016, nais simulan ng Sangay ng Zamboanga del Norte na magkaroon ang lahat na paaralang Elementarya at Sekundarya ng pag-uugnay ng lingguhang paksa ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa paglilinang ng kakayahan ng mga kabataang manunulat sa iba't ibang katergoryang sakop ng larangan ng Journalismo.

2. Layunin ng mga gawain na ito ang sumusunod:
   a) mabigyan ng pagkakataon ang lahat na mag-aaral na sumali sa paligsahan,
   b) mahikayat ang mga mag-aaral na tuklasin ang kani-kanilang galing sa panunulat.
   c) makapili ang guro ng natatanging kalahok para sa *Division Schools Press Conference.*

3. Inaatasan ang lahat na punungguro ng Elementarya at Sekundarya na magsagawa ng pampaaralang patimpalak sa sumusunod na mga **gawain** bilang pagpapalaganap at pagpapahalaga sa journalismo at pagpukaw ng damdamin ng mga kabataan higgil sa mga napapanahong isyu.

a) Agosto 5, 2016 – Paligsahan sa Pagsulat ng Editoryal, Pagsulat ng Lathalain at Pagsulat tungkol Agham at Teknolohiya at
Paksa - Filipino: Wika ng Edukasyon at Kalinangan.

b) Agosto 12, 2016 – Pagsulat ng Balita at Pagkuha ng Larawang Pampahayagan
Paksa – Intelektuwalisadong Wikang Pambansa, Wika ng Umuunlad na Bansa.

c) Agosto 19, 2016 - Pagsulat ng Balitang Pampalakasan at Pagsulat ng Pangulong Tudling – Paksa _ Pagsasalin, Susi sa Pagtamo at Pagpapalaganap ng mga Kaalaman at Karunungan.

4. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga kriterya ng paghahatol para sa bawat kategorya.
5. Hinihiling ang malawakang pagpapabatid sa Memorandum na ito.